# Karahasan sa pamilya at tahanan

Lahat ay may karapatang makaramdam na ligtas. Hindi katanggap-tanggap ang karahasan sa pamilya at tahanan.

## Ano ang karahasan sa pamilya at tahanan

Ang karahasan sa pamilya at tahanan ay anumang pag-uugali na marahas, nagbabanta, kumokontrol o nagpaparamdam sa iyo o sa iyong mga anak ng takot at hindi ligtas.

Ang pag-uugaling ito ay maaaring maganap sa anumang uri ng relasyon anuman ang edad, kasarian o sekswalidad. Maaaring ito ay:

- sa kasalukuyan o nakaraang mga relasyon
- sa mga miyembro ng pamilya at mga kamag-anak
- sa mga tagapag-alaga at guardian

Hindi kailanman katanggap-tanggap para sa sinuman na:

- magpaparamdam sa iyo o sa iyong mga anak ng takot at pagiging hindi ligtas
- maging marahas sa iyo
- ilayo ka sa iyong mga kaibigan o pamilya
- hindi ka hinahayaang humawak ng sarili mong pera
- magbanta na ipapakansela ang iyong visa
- kontrolin ang paraan ng pagsasagawa mo ng iyong relihiyon.

## Anong tulong ang makukuha

Matutulungan ka namin kung ikaw ay apektado ng karahasan sa pamilya at tahanan.

Titingnan namin kung makakakuha ka ng bayad mula sa amin. Maaaring ito ay isang kabayaran para sa suporta sa kita o isang Crisis Payment (Kabayaran para sa Krisis). Matutulungan ka rin naming mangolekta ng sustento sa bata o makakuha ng eksemsyon mula sa sustento sa bata kung natatakot o nag-aalala ka tungkol sa iyong kaligtasan.

Maaari naming isaayos ang pakikipag-usap mo sa isang social worker.

Ang aming mga social worker ay maaaring magbigay sa iyo ng payo at impormasyon tungkol sa:

- aming mga kabayaran at serbisyo, kabilang ang kung mayroon kang utang sa amin
- mga serbisyong legal
- mga serbisyong suporta para sa karahasan sa pamilya at tahanan
- akomodasyon para sa emerhensiya.

Maaari mong tawagan ang multilingual na linya ng telepono ng Centrelink sa **131 202** upang makipag-usap sa amin sa iyong wika. Bukas ang linyang ito mula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.

Maaari ka ring bumisita sa isang service center.

Mayroon kaming libreng serbisyo ng interpreter at pagsasalinwika sa mahigit 200 wika upang mas mapadali ang pakikitungo mo sa amin. Ipaalam sa amin kung kailangan mo ng interpreter kapag tumatawag ka o bumibisita sa amin, at aayusin naming magkaroon ka ng libreng serbisyo ng interpreter.

Kapag nag-claim ka ng kabayaran o serbisyo, maaari ka naming hingan ng mga dokumento, tulad ng patunay ng pagkakakilanlan. Kung ang dokumento ay hindi nakasulat sa Ingles, maaari namin itong isalin sa wika mo nang libre. Sabihin lamang sa amin na kailangan mong ipasalinwika ang isang dokumento kapag tumawag ka o bumisita sa amin.

Sinusunod ng mga interpreter at tagasalin ang code of ethics, kaya hindi nila maaaring ibahagi kahit kanino ang iyong personal na impormasyon.

Para ma-access ang 24/7 na pagpapayo at suporta, tumawag sa 1800RESPECT sa **1800 737 732**. Maaari kang humiling ng serbisyo ng isang interpreter.

# Family and domestic violence

Everyone has the right to feel safe. Family and domestic violence is not okay.

## What is family and domestic violence

Family and domestic violence is any behaviour that is violent, threatening, controlling or makes you or your children feel scared and unsafe.

This behaviour can happen in any type of relationship regardless of age, gender or sexuality. It may be:

- in current or past relationships
- with family members and relatives
- with carers and guardians

It is never okay for anyone to:

- make you or your children feel scared and unsafe
- be violent against you
- keep you away from your friends or family
- not let you have your money
- threaten to get your visa cancelled
- control the way you practice your religion.

## What help is available

We can help if you are affected by family and domestic violence.

We will check if you can get payment from us. This may be an income support payment or a Crisis Payment. We can also help you collect child support or get an exemption from child support if you are scared or worried about your safety.

We can arrange for you to speak with a social worker.

Our social workers can give you counselling and information about:

- our payments and services, including if you have a debt with us
- legal services
- support services for family and domestic violence
- emergency accommodation.

You can call the Centrelink multilingual phone line on **131 202** to speak with us in your language. This line is open 8 am to 5 pm Monday to Friday.

You can also visit a service centre.

We have free interpreter and translation services in over 200 languages to make it easier for you to deal with us. Let us know if you need an interpreter when you call or visit us, and we will arrange one for free.

When you claim a payment or service we might ask you for documents, like proof of identity. If the document is not in English, we can translate it for free. Just tell us you need a document translated when you call or visit us.

Interpreters and translators follow a code of ethics, so they can not tell anyone your personal information.

To access 24/7 counselling and support, call 1800RESPECT on **1800 737 732**. You can ask for an interpreter.